Tagalog

# Form ng Pahintulot sa Aktibidad sa Paaralan

Pangalan ng paaralan:

Ang Regional Centers for Education (RCEs) at Conseil scolaire acadien provincial (CSAP) ay nakatuon sa pagkuha ng may kabatirang pahintulot para sa mga aktibidad ng paaralan. Ang form na ito ay responsibilidad ng RCEs/CSAP at ng bawat paaralan.

Pakiusap na maingat na basahin ang form na ito at linawin ang anumang mga alalahanin sa mga kawani ng paaralan o sa punong-guro ng paaralan bago pumirma sa huling pahina. Ang form na ito ay dapat kumpletuhin nang buo, lagdaan, at ibalik upang payagan ang mag-aaral na makilahok sa aktibidad na inilarawan sa ibaba.

**Paunawa sa Pagkapribado:** Ang impormasyon sa form na ito ay protektado sa ilalim ng mga batas sa pagkapribado ng Nova Scotia at gagamitin at maa-access lamang ng mga awtorisadong kawani ng paaralan para sa layunin ng aktibidad na ito. Ang impormasyon ay hindi ibubunyag sa sinuman maliban kung ito ay pinahintulutan o hinihiling ng batas, o kung bibigyan mo ang paaralan ng nakasulat na pahintulot.

**Paunawa sa Pagsasalin:** Ito ay isang mahalagang dokumento. Kung kinakailangan, mangyaring tiyakin na may makakapagsalin at makakapagpaliwanag sa mga bahagi ng dokumentong ito na lumalabas sa Ingles.

**1. Paglalarawan ng Aktibidad** (na pupunan ng mga kawani): ____________________

____________________

- (Mga) Petsa (dd/mm/yyyy): ____________________ Oras: __________ hanggang __________
- Mga kaayusan sa transportasyon: ____________________
- Pangangasiwa (bilang ng mga tsaperon o kasama sa rasyo ng mga mag-aaral): _____ mga tsaperon sa _____ na estudyante
- Kinakailangan na mga kasanayan at kakayahan (kung ano ang kailangan malaman o magagawa ng mga mag-aaral): __________

  ____________________
- Kinakailangan na mga kagamitan at damit: ____________________

  ____________________

Mangyaring makipag-ugnayan sa paaralan kung may mga katanungan o hadlang sa alinman sa mga nabanggit.

**2. Mga Panganib sa Aktibidad** (na pupunan ng mga kawani)

**3. Panganib ng Aksidente**

Ang mga aksidente ay maaaring magresulta mula sa likas na katangian ng aktibidad na ito at maaaring mangyari nang mayroon o walang anumang kasalanan ang mag-aaral, paaralan, RCE/CSAP o mga empleyado, ahente, o awtorisadong boluntaryo nito, o ng pasilidad kung saan ginaganap ang aktibidad.

Alam ko ang karaniwang mga peligro at panganib na kasangkot sa paglahok sa aktibidad na ito, kabilang ang anumang nabanggit sa itaas at ng posibilidad ng personal na pinsala, nakamamatay na pinsala, pinsala sa ari-arian, o pagkawala. Tinatanggap ko ang panganib ng isang aksidente at ang mga panganib sa aktibidad sa seksyon 2 at sumasang-ayon na ang aktibidad na ito tulad ng inilarawan sa seksyon 1 ay angkop para sa aking anak.

**Tala ng kawani:** Form ng pahintuot na samahan ang tsaperon/supervisor; dapat ding panatilihin ang kopya sa paaralan.

**4. Impormasyong Pangkalusugan at Medikal**

❑ Ang aking anak **ay walang** anumang karamdaman, alerhiya, o kapansanan na pumipigil sa kangyang partisipasyon sa kaganapang ito.

❑ Ang aking anak ay **may** karamdaman, alerhiya, o kapansanan na maaaring makaapekto sa kanyang partisipasyon sa kaganapang ito.

Magbigay ng mga detalye ng nasa itaas, o iba pang alalahanin, at mag-lakip ng karagdagang (mga) pahina kung kinakailangan:

**5. Pamantayan ng Asal at mga Panuntunan at Regulasyon sa Lugar ng Aktibidad**

Nauunawaan ko at ng aking anak na ang Pamantayan ng Asal ng Paaralan ay nalalapat kapag naglalakbay papunta/galing at sa panahon ng aktibidad na ito. Nauunawaan din namin ng aking anak na ang mga panuntunan at regulasyon ng lugar ay nakalagay para sa aktibidad na ito at sumasang-ayon ang aking anak na sundin ang mga tuntunin at regulasyong ito. Kinikilala ko na ipinaliwanag ko sa aking anak na ang anumang mga ipinagbabawal na aksyon ay maaaring magresulta sa aking anak na hindi payagang lumahok o magpatuloy sa aktibidad.

**6. Mga Pangalan at Numero ng Pang-emergency na Contact**

1. ______________________________________________________________________________
2. ______________________________________________________________________________

**7. (A) PAHINTULOT — Magulang/Legal na Tagapangalaga**

Bilang pagsasaalang-alang sa nabanggit sa itaas na alok ng paaralan (pangalan ng mag-aaral) ______________________________

______________________________ isang pagkakataon na lumahok sa aktibidad na inilarawan sa (mga) petsa na nakasaad sa seksyon 1,

❑ **Ibinibigay ko ang aking pahintulot** at kinikilala na sa pamamagitan ng aking lagda na maaaring lumahok ang aking anak. Ako ay 19 taong gulang o mas matanda at Maingat kong binasa ang mga nilalaman ng form ng pahintulot na ito at nilinaw ang anumang alalahanin sa mga kawani ng paaralan na nag-organisa ng kaganapan, o sa punong-guro ng paaralan, bago pirmahan ang form na ito. Nauunawaan ko na ito ay isang may-bisang legal na dokumento.

❑ **Ako ay hindi nagbibigay ng pahintulot** para sa aking anak na lumahok sa aktibidad na ito at kinikilala sa pamamagitan ng aking lagda na sinuri ko ang form na ito. Aking nauunawaan na kung hindi ako magbigay ng pahintulot para sa aking anak na lumahok sa aktibidad na ito, may mga kaayusan na gagawin para manatili ang aking anak sa paaralan sa oras ng paaralan at ang aking anak ay hindi mapaparusahan para sa hindi pagsali.

| ______________________________ | ______________________________ | ____________________ |
|---|---|---|
| **Pangalan ng Magulang/Legal na Tagapangalaga** | **Lagda ng Magulang/Legal na Tagapangalaga** | **Petsa (dd/mm/yyyy)** |

**7. (B) PAHINTULOT — Mga Magaaral na Lampas sa Edad na 16 Na Walang Magulang o Legal na Tagapangalaga na Magpapahintulot**

Bilang pagsasaalang-alang sa nabanggit na paaralan na nag-aalok sa akin, (pangalan ng mag-aaral) ______________________________

______________________________, isang pagkakataon na lumahok sa aktibidad na inilarawan sa (mga) petsa na nakasaad sa seksyon 1,

❑ **Ibinibigay ko ang aking pahintulot** at kinikilala sa pamamagitan ng aking lagda na nais kong lumahok, at kahit saan sa form na tumutukoy sa "iyong anak" o "aking anak" ay tumutukoy sa aking sarili. Ako ay 16 taong gulang o mas matanda at maingat kong binasa ang mga nilalaman ng form ng pahintulot na ito at at nilinaw ang anumang alalahanin sa mga kawani ng paaralan na nag-organisa ng kaganapan, o sa punong-guro ng paaralan, bago pirmahan ang form na ito. Nauunawaan ko na ito ay isang may-bisang legal na dokumento.

❑ **Hindi ko** nais na lumahok sa aktibidad na ito at kinikilala sa pamamagitan ng aking lagda na sinuri ko ang form na ito at mga kaayusan na gagawin upang ako ay manatili sa paaralan sa oras na paaralan at hindi ako mapaparusahan para sa hindi pagsali.

| ______________________________ | ______________________________ | ____________________ |
|---|---|---|
| **Pangalan ng Mag-aaral** | **Lagda ng Mag-aaral** | **Petsa (dd/mm/yyyy)** |

Sa aking propersyunal na paghatol, Ako'y naniniwalang si (pangalan ng mag-aaral) ______________________________ ay may kakayahang pumayag na lumahok sa aktibidad na inilarawan sa form na ito.

| ______________________________ | ______________________________ | ____________________ |
|---|---|---|
| **Pangalan ng Guro/Punong-guro** | **Lagda ng Guro/Punong-guro** | **Petsa (dd/mm/yyyy)** |